THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.18 * Abril 30 - Mayo 6, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# RETIREMENT HONORS NI PNP CHIEF, PINANGUNAHAN NI DILG SECRETARY AÑO

sundan sa pahina 3







**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Mga armas, pampasabog at watawat ng CTG narekober sa San Mariano, Isabela

*sundan sa pahina 9*

## Php3M halaga ng shabu nakumpiska ng Bacolod City PNP sa magkahiwalay na operasyon

*sundan sa pahina 10*

## Php27M halaga ng shabu nakumpiska; 3 arestado sa buy-bust ng Rizal PNP


*sundan sa pahina 11*



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Probation?**

Ang probation ay isang pribilehiyo na ibinibigay ng korte sa isang taong napatunayang guilty sa isang kasong kriminal kung saan ito ay mananatili sa komunidad sa halip na makulong. May mga kaso na maaaring probation ang katumbaas na parusa at kadalasan ay mga magagaang kaso. Sa pangkalahatan, maaari lamang mabigyan ang isang tao ng probation kung hindi nito inapela ang kanyang kaso.




## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# PLtGen Danao Jr itinalaga bilang OIC, PNP




**Metro Manila – Opisyal na inanunsyo ng Malacañang nitong Huwebes, ika-5 ng Mayo, ang paghalili ni Police Lieutenant General Vicente D. Danao Jr. bilang bagong Officer-in-Charge (OIC) ng Philippine National Police (PNP) kapalit ang kasalukuyang Chief, PNP na si Police General Dionardo B. Carlos na magreretiro sa darating na Mayo 8, 2022.**

Kinumpirma naman ang pahayag ng Palasyo ng Kalihim ng Department of Interior and Local Government (DILG) na si Secretary Eduardo Año na kung saan sinabi niya na ang unang hakbangin bilang OIC ay ang siguraduhing nasa tamang lugar ang seguridad at mapakilos ang buong hanay ng kapulisan at manatiling alerto upang masiguro ang isang mapayapa, maayos at tapat na eleksyon sa bansa "[His] first order of the day is to ensure that all security preparations are in place and all police units are mobilized and on alert so that the country will have a peaceful, orderly and honest elections."

Dagdag pa ni Sec. Año, bilang kasalukuyang commander ng National Security Task Force for 2022 National and Local Elections, naaangkop lamang ang kanyang pagkakatala bilang bagong OIC para masigurado ang isang ligtas at mapayapang botohan dahil kasama na ang heneral mula pa noong unang araw ng pagpaplano at paghahanda ng seguridad para sa nalalapit na eleksyon.

Naitalaga ang kasalukuyang Hepe ng Pambansang Pulisya na si PGen Dionardo B. Carlos sa kautusan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong Nobyembre 13, 2021 at magtatapos ang kanyang panunungkulan sa kanyang kaarawan sa darating na araw ng Linggo, ika-8 ng Mayo 2022, na siya ring pagpasok ng bagong pamunuan.

Sa pahayag naman ng Spokesperson ng PNP na si PBGen Roderick Augustus B. Alba, kampante ang PNP na kayang pangasiwaan ni PLtGen Vicente Danao Jr. ang organisasyon dahil sa kanyang track record at antas ng kakayahan.

Siniguro pa ni PBGen Alba na ano man ang nasimulan ni PNP Chief General Dionardo Carlos ay ipagpapatuloy ni PLtGen Danao Jr.

# San Enrique PNP, nakiisa sa Blood Letting Activity: Dugo para sa KaBrigada



**Negros Occidental - Nakiisa ang mga tauhan ng San Enrique PNP sa probinsya ng Negros Occidental sa Blood Letting Activity na isinagawa sa Brigada News FM Bacolod nito lamang Sabado ng umaga, Abril 30, 2022.**

Ang Blood Letting Activity ay tinawag na "Dugo para sa KaBrigada", ito ay pinangunahan ng Brigada News FM Bacolod sa pakikipagtulungan sa Philippine Red Cross Negros Occidental-Bacolod City Chapter na ginanap sa Grand Gaisano Grand Mall, Barangay Singcang, Bacolod City.

Kabilang sa mga nag-donate ng dugo ay ang mga tauhan ng San Enrique Municipal Police Station sa pangunguna ni PLt Sammy Gasataya, Deputy Chief of Police, kasama ang mga miyembro ng Barangay Peace Keeping Action Teams (BPATs) ng Brgy. Poblacion.

Ang nasabing aktibidad ay naglalayon na makatulong na matiyak na ang mga stock ng dugo ay nananatiling sapat sa naturang probinsya.

Isang patunay na ang PNP ay handang tumulong at maglingkod ang ating mga kababayan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang dugo upang mabigyan ng pag-asa at dugtungan ang buhay ng mga nangangailangan.

# 2 Vietnamese Nationals tinulungan ng PNP AVSEG



**Pasay City – Kinupkop at tinulungan ang dalawang babaeng Vietnamese Nationals ng Aviation Security Unit National Capital Region (AVSEU NCR) matapos tangkaing gipitin ng kapwa Vietnamese sa Binondo, Manila nitong ika-2 ng Mayo 2022.**

Kinilala ng Hepe ng AVSEU NCR na si Police Colonel Cesar Gerente ang dalawang babaeng banyagang biktima na sina Lam Thi Ngoc Quynh at Dao Thanh Uyen na kapwa 24-taong gulang.

Ayon pa kay PCol Gerente, batay sa salaysay ng mga biktima, sila ay pinangakuan ng trabaho upang maging waitress sa Pilipinas ng isang babae na kilala lamang nila sa pangalang Hao-Hao sa kanyang Facebook Account subalit laking gulat ng mga ito na hindi waitress ang kanilang inaasahang trabaho.

Ayon pa sa mga biktima, inipit ng suspek ang kanilang pasaporte nang hindi sila pumayag sa trabahong pinangako niya at sinabing bayaran ang lahat ng kanyang nagastos sa paglipad ng mga ito sa bansa kung kaya tumakas ang mga ito.

Ayon naman sa hepe ng AVSEU NCR, kinupkop at tinulungan ng kanilang tanggapan upang magkaroon ng panandaliang tutuluyan ang mga biktima at maidulog sa Vietnam Embassy ang kanilang problema at mabigyan sila ng kaukulang tulong habang naghihintay magbukas ang tanggapan dahil sa mga holidays na nagdaan.

Kasalukuyang nasa kustodiya na ng Vietnam Embassy ang mga naturang biktima.

Samantala, nagpahayag naman si PCol Gerente na mananatiling nakahanda ang kanilang tanggapan na tumugon sa mga nangangailangan ng tulong sa lahat maging sa mga banyagang panandaliang naninirahan sa ating bansa.

# Coastal Clean-up Drive isinagawa ng San Narciso PNP

**San Narciso, Zambales - Nagsagawa ng coastal clean-up drive ang San Narciso PNP sa Purok 3 Barangay Lapaz, San Narciso, Zambales nitong ika-30 ng Abril 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Lieutenant Kathryn Joy Miranda, Officer-in-Charge ng San Narciso Municipal Police Station katuwang ang Faith-Based Advocacy Support Group and Force Multipliers, Kabalikat Radio Com Signal Base, Philippine Guardians Brotherhood Inc. (PGBI), Lancaster Homeowners Rider Club (LHRC) at Tau Gamma Philippines.

Naglinis at namulot ng mga basura ang mga grupo sa dalampasigan na kung saan may kabuuang anim na sakong basura ang nakolekta.

Ang ganitong aktibidad ay bahagi ng programa ng Pambansang Pulisya na KALIGKASAN "Kalinisan at Kaligtasan".

Layunin nitong panatilihin ang kalinisan sa ating kapaligiran upang maging ligtas sa anumang uri ng sakuna tulad ng baha, landslide at mga sakit. *(Panulat ni Patrolwoman Hazel Rose Bacarisa)*



# Retirement Honors ni PNP Chief, pinangunahan ni DILG Secretary Año




**Camp Crame, Quezon City – Sa ika- 38 na taon, isang buwan at pitong araw ng pagseserbisyo bilang sundalo at pulis, ang ika-27 na Hepe ng Pambansang Pulisya ay ginawaran ng Retirement Honors sa PNP Multi-Purpose Center, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City noong ika-6 ng Mayo 2022.**

Pinangunahan ni Department of Interior and Local Government Secretary Eduardo M Año ang inihandog na seremonya ng Retirement Honors kay Power House General, Police General Dionardo Bernardo Carlos, PMA Maringal Class 1988.

Kasama ang kanyang pamilya, tinanggap ni Police General Carlos ang kanyang retirement order, retirement of PNP Badge, at enchased personal flag.

Matapos ang kanyang valedictory, nanumpa si Police General Carlos ng pakikipagsama bilang bagong miyembro ng PNP Council of Elders na pinangasiwaan naman ni Police Director General Edgar B Aglipay (Ret.).

Pinuri nman ni DILG Secretary Ano si Police General Carlos sa kanyang matagumpay na pagseserbisyo sa Pambansang Pulisya ng may integridad at huwarang paglilingkod nang walang bahid na pansariling interest.

"Upon assuming command of the 222,000 strong police force in November last year, General Carlos like those who came before him was met with great expectations. But like the stand-up leader that he has always be, he took on the job and did not crumble under the wave of pressure", saad ni Secretary Ano.

Samantala, pinabulaanan naman ni Police General Carlos na ang kanyang pagreretiro ay hindi sa anumang paraan magiging hadlang sa kasalukuyang preparasyon ng PNP upang magarantiya ang Secure, Accurate, Free/Fair Elections sa nalalapit na Mayo 9.

"Upon my retirement, I shall pass on the baton of leadership of the Philippine National Police to Police Lieutenant General Vicente D Danao Jr., the Deputy Chief PNP for Operations, a fine officer whom I look up to with great respect and admiration," ani Police General Carlos.

# Carnapper timbog sa Joint operation ng PNP

**Navotas City - Timbog ang isang Carnapper na most wanted din ng Navotas City sa joint operation ng PNP nitong umaga ng Lunes, Mayo 2, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Dexter Ollaging, Chief of Police ng Navotas CPS ang akusado na si Larry Sebastian y Aniag, 52, may asawa, at residente ng no. 963 S. Policarpio St., Brgy. San Jose, Navotas City.

Ayon kay PCol Ollaging, bandang 11:00 ng umaga naaresto si Sebastian sa No. 963 S. Policarpio St., Brgy. San Jose, Navotas City sa bisa ng Warrant of Arrest sa pinagsanib puwersa ng NDHPT, RHPU NCR, Warrant-IDMS, Sub-Station 3 ng Navotas City Police Station.

Mahaharap ang suspek sa paglabag sa RA 6539 o Anti-Carnapping Law.

Tiniyak ni PCol Ollaging na ang PNP ay di palalagpasin ang mga ganitong pangyayari at lalong paiigtingin pa ang operasyon nila sa pagtugis sa mga wanted persons.

# American Citizen arestado ng PNP AVSEG sa kasong paglabag sa Photo and Video Voyeurism Act



**NAIA Terminal 2 — Arestado ang isang American Citizen pagkalapag nito sa NAIA Terminal 2 sa manhunt operation ng PNP Aviation Security Group dahil sa kasong paglabag sa RA 9995 o Anti-Photo and Video Voyeurism Act nitong Martes, May 3, 2022.**

**Kinilala ni Police Colonel Cesar Gerente, NCR Chief ng Aviation Security Unit ang suspek na si Jefferson San Miguel y De Vera, 35, American Citizen mula sa Los Angeles.**

Ayon kay PCol Gerente, nahuli ang suspek bandang alas-5:40 ng umaga sa joint operation ng PNP AVSEG at Morong Municipal Police Station.

Ayon pa kay PCol Gerente, bigong magpakita ng Order of Release si San Miguel sa mga otoridad kaya't agad syang dinampot at dinala sa station ng Morong, Rizal para sa kanyang kustodiya.

Dagdag pa ni PCol Gerente, naaresto si San Miguel sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong paglabag sa R.A. 9995 o Anti-Photo and Video Voyeurism Act na may rekomendadong piyansa na Php24,000.

Tiniyak naman ni PCol Gerente na walang mintis sa kanila ang mga lumabag sa batas na nagbabalak maglabas pasok sa ating bansa. *(Panulat ni PCpl Jhoanna Marie Najera Delos Santos)*

# Lalaki, boluntaryong nagsuko ng kanyang baril sa Patikul, Sulu

**Patikul, Sulu – Boluntaryong isinuko ng isang concerned citizen ang kanyang loose firearm sa Patikul, Sulu noong Abril 30, 2022.**

Malugod na tinanggap ni PLt Abdil-Khan Ahadain, Officer-in-Charge, Patikul Municipal Police Station, ang loose firearm na isinuko na isang yunit na Revolver .38 na may serial number 1570.

Ito ay kaugnay sa pinaigting na kampanya kontra loose firearm at para na rin sa pinaiiral na gun ban kaugnay sa papalapit na halalan.

Kasalukuyang nasa pangangalaga ng Patikul MPS ang nasabing baril para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

Patuloy naman na nagpapaalala ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas sa mga gun owners na siguruhing may kaukulang dokumento ang mga baril na pagmamay-ari nila, gayundin ang istriktong pagsunod sa umiiral na gun ban para sa nalalapit na halalan. *(Panulat ni Patrolman Mark Vincent Valencia)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS



*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Sama-sama para sa tahimik at payapang Halalan 2022 sa bansa

Ilang araw bago ang halalan sa bansa ay muli na naman nating masusubok ang pagkakaisa ng sambayanang Pilipino para sa pagsasabuhay ng ating karapatan; ito ang karapatang bumoto sa Mayo 9. Isang mahalagang karapatan na sama-sama natin itataguyod nang may kaayusan, katahimikan, at kapayapaan.

Sa pagsasagawa ng makasaysayan aktibidad na ito, lubhang mahalaga ang pakikipagtulungan ng bawat isa. Kaya naman, bilang isa ang Pambansang Pulisya sa may malaking tungkulin ukol dito, puspusan ang ating paghahanda at pagnanais na magiging maayos at tahimik ang halalan sa bansa.

Kasado at plantsado na ang paghahanda natin para matiyak na magiging maayos at mapayapa ang National and Local Elections 2022 sa Mayo 9. Tinitiyak natin ang kahandaan ng ating hanay mula sa mahabang preparasyon hanggang araw mismo ng eleksyon. Hindi lang sa deployment ng mga pulis ang ating pinaghandaan kundi maging ang ating kahandaan sa logistical requirements at sistema ng reporting at monitoring ng mga kaganapan tungkol sa eleksyon sa bansa.

Iba't ibang apseto ang ating naging paghahanda. Kabilang dito ang matagumpay na simultaneous multi-agency send-off at turnover ng PNP personnel kasama ang mga tauhan ng iba't ibang ahensya na silang mangunguna sa pagsasagawa ng halalan sa ating bansa.

Sabay-sabay din nating inilunsad ang PNP National Election Monitoring Action Center at Regional Election Monitoring Action Centers sa bawat tanggapan ng pulisya sa bansa na magsisilbing mata at tainga ng PNP Security Task Force NLE 2022. Sapat na bilang ng mga pulis ang nakatalaga dito para sa 24/7 operations na silang magbibigay ng updated na ulat o impormasyon ng lahat ng mga insidente kaugnay sa halalan.

Nakabantay na rin ang sapat na bilang ng mga pulis sa lahat ng voting precincts sa buong bansa kasama ang mga tauhan ng ibang law enforcement agency at force multipliers para magarantiya ang seguridad at kaligtasan ng bawat isa.

Samantala, mahigpit din ang ating paalala ating mga kasamahang pulis na panatilihing nakaalerto sa lahat ng pagkakataon at isabuhay ang maximum tolerance sa anumang pagkakataon, sitwasyon at tawag ng tungkulin.

Hindi rin kami magsasawa na paalalahanan ang publiko na maging alerto, mapagmatyag, at makiisa sa ating gobyerno para matiyak na magiging ligtas, maayos, patas, at matiwasay ang halalan sa ating bansa.

Katulad na paulit-ulit kong sinasabi, mananatiling apolitical at non-partisan ang buong hanay ng Pambansang Pulisya. Sama-sama nating itatawid ang halalang ito hanggang sa susunod na administrasyon. Makakaasa kayo na mananatiling buo ang suporta at pagseserbisyo ng pulisya sa bayan, mamamayan at Poong Maykapal.

# EDITORYAL

## Payapang halalan, pagtutulungan ng PNP at iba't ibang ahensiya ng gobyerno

Pinaigting pa ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas ang lahat ng inilatag nitong seguridad sa mga huling araw bago ang 2022 National and Local election sa Mayo 9.

Bilang bahagi ng paghahanda, sabay-sabay na binuksan ng PNP nitong Mayo 5 ang National Election Monitoring and Action Center (NEMAC), at Regional Election Monitoring and Action Centers (REMACs). Ang NEMAC at mga REMAC ng bawat tanggapan ng pulisya sa bansa ay magsisilbing "mata at tainga" ng PNP Security Task Force NLE 2022 na magbibigay ng updated na ulat sa lahat ng mga insidente na may kaugnayan sa mga aktibidad sa halalan at pati narin sa pagbabantay sa seguridad na isinasagawa ng PNP.

Kaugnay din nito, itinaas na sa Full Alert Status ang lahat ng tanggapan ng PNP sa buong bansa. Bunsod nga nito, nakadeploy narin ang mga pulis na bubuo sa Standby Forces at Quick Reaction Teams na nakatalaga sa mga command post ng kani-kanilang headquarters at handang rumesponde agad kung sakali mang may kaguluhan. Ito ay bukod pa sa nakadeploy sa lahat ng polling precinct sa buong bansa na sisiguro sa seguridad ng lahat pagdating ng araw ng botohan.

Bago pa nito, matatandaang nitong ika-4 ng Mayo, pinangunahan ng PNP ang 2022 National and Local Elections multi-agency send-off at turn-over ceremony para sa 18,672 miyembro ng PNP, Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine Coast Guard (PCG), at Department of Education (DepEd), at iba pang kinauukulang ahensya ng gobyerno na ipapakalat sa buong bansa bilang suporta sa kampanya ng gobyerno para sa isang ligtas, payapa at patas na botohan sa Mayo 9.

Tulong-tulong ang lahat ng ahensiya ng gobyerno para sa halalan hindi lamang upang matiyak ang seguridad at kaligtasan ng bawat isa, kabilang narin ang ating mga gurong magsisilbing Board of Election Inspectors na siyang mangangasiwa sa maayos na pagboto ng ating mga kababayan at pagbibilang ng mga boto sa kani-kanilang polling precinct.

Kaya naman hinihimok natin lahat ang ating mga kababayan na lumabas at bumoto sa darating na Mayo 9 para sa kanilang mga napupusuang maging susunod na lider ng ating bansa. Sinisiguro naman natin sa sambayanang Pilipino, nandiyan ang PNP ninyo sa lahat ng polling center at voting precincts para masigurado na mabibilang ang inyong mga boto.

Pinapaalalahanan din natin ang lahat na sa Mayo 8, isang araw bago ang araw ng botohan, ipapatupad na ang liquor ban at bawal narin ang pangangampanya. Hinihiling natin ang kooperasyon ng lahat na sumunod sa mga panuntunang ito dahil ang bawat isa ay may kontribusyon upang makamit ang payapa at maayos na halalan.

Ang buong hanay ng PNP ay maninindigan na kanilang gagampanan ang kanilang pangunahing mandatong pumrotekta. Ang 225,000 na miyembro ng PNP ay kaisa ng COMELEC at iba pang miyembro ng security forces upang matiyak na mabantayan ang mga boto ng mga Pilipino.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Multi-Agency Send-Off Ceremony para sa 2022 National and Local Elections, pormal nang isinagawa sa Camp Crame

Pormal nang isinagawa ang "Multi-Agency Send-Off Ceremony for Security Forces" para sa 2022 National and Local Elections na ginanap sa PNP Transformation Oval sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Ang nasabing programa ay dinaluhan ng iba't-ibang mga ahensiya ng ating Pamahalaan sa pangunguna ng Philipine National Police (PNP), Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine Coast Guard (PCG), Department of Education (DepEd), at ng Commission on Elections (COMELEC). Layunin nito ay upang tiyakin sa publiko na nakahanda na ang buong puwersa o iba't-ibang sangay ng ating pamahalaan para sa darating na Pambansang Halalan sa araw ng Lunes, Mayo 9, 2022.

Kabilang sa mga dumalo at nakiisa sa Multi-Agency Send-Off Ceremony ay sina: PNP Chief, PGEN Dionardo Carlos; AFP Chief of Staff, GEN Andres Centino, PA; CG ADM Artemio Abu; COMELEC Chairman Hon. Saidamen Pangarungan; at si Atty. Marcelo Bergado, Director IV, Procurement Management Service, DepEd bilang opisyal na kinatawan naman ni DepEd Secretary Leonor Briones. Dumalo din sina PLTGEN Vicente Danao Jr., Deputy Chief PNP for Operations at Commander, PNP STF 2022 NLE; VADM Rommel Anthony Reyes, PN, Deputy Chief of Staff AFP at Commander, AFP Security Task Force; at si PMGEN Valeriano De Leon, Director for Operations at Deputy Commander, PNP STF 2022 NLE. Nakapaloob sa nasabing programa ay ang Turover and Acceptance of Forces and Resources, ganon din ang Blessing of Forces and Resources, at ang Simultaneous Operation of all Equipment/Vehicles and Placing of Sticker to Selected PNP Vehicles na pinangunahan naman nina COMELEC Chairman, Hon. Saidamen Pangarungan at PNP Chief, PGEN Dionardo Carlos.

Sa kanilang naging mensahe ay pinasalamatan ng bawat-isa dahil sa kani-kanilang mga kontribusyon at paghahandang pang-seguridad para matiyak na magiging maayos at mapayapa ang magiging halalan sa kabila ng panahon ng pandemya. Nagbigay din ng kanyang mensahe si COMELEC Chairman, Hon. Pangarungan kalakip din nito ay ang kanyang pasasalamat sa Sambayan lalo na ang mga bumubuo ng ating Security Forces dahil sila ang mangunguna sa pagbibigay ng seguridad para sa 2022 National and Local Elections.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Piliin ang mabuti, upang magandang samahan ay manatili

Magandang araw po sa inyong lahat. Papuri at walang-hanggang pasasalamat ang nararapat na ialay nating sa Panginoong Diyos. Mula noon hanggang ngayon ay hindi Siya nagkulang sa atin. Ang pag-ibig Niya ay wagas at walang kapantay.

Kamusta na po? Ilang raw na lamang ay malapit na ang Pambansa at Lokal na Halalan, Mayo 9, 2022. Isang pribiliheyo na ibinigay sa mamamayang Filipino na malayang ating piliin at iboto ang mga kandidato ayon sa ating konbiksiyon at paniniwala na makakatulong sa bayan at mamamayan. Sa sosyal-media, radyo at telebisyon ang naipapahayag ng mga kandidato ang kanilang plataporma, programa at saloobin kung ano ang kanilang gagawin kapag sila ay nakaluklok na sa tungkulin.

Nakakalungkot pong isipin na sa simula ng kampanya ay maraming nasirang magandang relasyon. May mga magkaibigan, magkapatid, magulang, magkaklase, at magkasama sa organisasyon o simbahan ay nagkaroon ng alitan at hindi pagkakasundo dahil sa mga kandidato. May mga negatibong komento at nagiging sanhi ito ng pag-aaway. May mga pagbabanta sa buhay at marami na namatay dahil sa alitan at politika.

Tayo pong lahat ay binigyan ng Kalayaan at nararapat na ito ay gamitin natin lalo na sa pagboto ng ating magiging pinuno sa loob ng anim na taon at tatlong taon. Ang COMELEC at kinauukulan na huwag maki-ayon sa Vote buying at sa ating mga kaanib ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas at Pambansang Pulisya na dapat maging neutral. Tungkulin nating mapanatiling malaya, maayos, mapayapa at matapat ang halalan.

Maaaring sa panahong ito ng Pambansa at Lokal na Eleksiyon ay magkaka-iba ang ating kandidato ay dapat ay manatili sa atin ang mga bagay na ito:

1. Respeto – ito ay paggalang sa ating kapwa. Anuman ang kanyang katayuan sa buhay ay iginagalang natin ang kanyang pasya o desisyon sa buhay. Alalahanin natin na isang araw lang ang eleksiyon.

2. Pagpapasakop – Pagkatapos ng halalan ay may idideklarang nagwagi at hindi ang ibinoto natin. Nararapat na tanggapin ang pagkatalo ng kandidato natin at magpasakop na nagwaging kandidato.

3. Pagsunod – patuloy tayong susunod sa mga batas, polisiya at panuntunan na pina-iiral upang manatiling maayos at mapayapa ang ating bansa.

4. Magsikap at magtiyaga – Ang bagong administrasyon ay may mga bagong programa sa ika-uunlad ng ating bansa. Ngunit, ikaw at ako ay patuloy na magta-trabaho at magbibigay ng serbisyo publiko. Sa tulong ng Panginoong Diyos, ang iyong sikap at tiyaga ang makaka-angat ng iyong buhay.

5. Magandang Relasyon – Gaano ba kahalaga sa iyo ang relasyon?


Ang relasyon sa Diyos ang siyang magbibigay sa atin ng karunungan upang magkaroon ng mabuting pasya at desisyon sa buhay. Ang relasyon sa kapwa ay mahalaga at hindi ko hahayaang masira lamang dahil sa eleksiyon. Nanaisin ko pang matalo sa isang debate mapanatili lamang ang pagkakaibigan.

Nawa ay piliin natin ang Mabuti, upang magandang Samahan ay manatili!

Tayo po ay manalangin!

Panginoong Diyos, maraming salamat po sa biyayang ipinagkakaloob Mo sa amin. Hinihiling naming sa Iyo. Sa panahong ito ng Halalan. Magkaka-iba man kami ng prinsipyo at paniniwala ay hindi ito maging dahilan upang mawasak ang magandang relasyon. Nawa ay maging mapayapa, tapat at maayos ang darating na halalan. Dalangin naming na Inyong hadlangan ang masasamang elemento na maghahasik ng kaguluhan sa darating na halalan. Mangyari po ang Iyong kalooban at pagpalain Mo ang susunod na mga lider ng Republika ng Pilipinas. Ito po ang aming dalangin sa pamamagitan ng iyong Dakilang Pangalan. Amen!

# 122 Indibidwal ang nahuli sa 1-week Anti-Crime Drive ng Northern Samar PNP




**Camp Carlos Delgado, Catarman, Northern Samar - Nagkamit ng positibong resulta ang pagpapatupad ng 7-days Simultaneous Anti- Criminality and Law Enforcement (SACLEO) ng Northern Samar Police Provincial Office sa buong lalawigan kung saan naaresto ang 122 indibidwal na nahaharap sa magkakaibang kaso.**

Ang tuloy-tuloy na pagsasagawa ng SACLEO sa iba't ibang bayan sa buong lalawigan ay nakapagtala ng kabuuang 103 police operations na isinagawa mula Abril 25 hanggang Mayo 1, 2022.

Malaki ang nakuha ng NSPPO sa kanilang Manhunt Charlie Operations kung saan 43 katao ang naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest. Pito sa kanila ay nauuri bilang most wanted sa antas ng munisipyo.

May kabuuang 27 indibidwal naman ang inaresto dahil sa pagkakasangkot sa ilegal na sugal at 7 sa illegal logging habang 14 na drug personalities ang boluntaryong sumuko sa panahon ng Tokhang.

Sa kabilang banda, ang mga operasyon ng 'Oplan Katok' ay nagbunga ng 22 baril na itinurn-over sa iba't ibang istasyon ng pulisya para sa pag-iingat.

Lahat ng mga naarestong indibidwal ay dinala sa kani-kanilang mga arresting unit para sa tamang disposisyon at dokumentasyon.

Mensahe ni Police Colonel Alfredo Tadefa, Provincial Director ng NSPPO, "Ang SACLEO ay hindi lamang isang all-out na operasyon laban sa mga kriminalidad at ilegal na aktibidad ngunit bahagi rin ng pagpapalakas ng ating mga hakbang para sa isang ligtas na pagsasagawa ng 2022 Pambansa at Lokal na Halalan sa lalawigan".

"Let us step up all our anti-criminality efforts para masigurado na walang election-related incident na mangyayari, at paigtingin din natin ang kampanya laban sa loose firearms para matiyak na hindi ito gagamitin sa karahasan sa panahon ng halalan," dagdag pa niya.

Hinihikayat naman ng Northern Samar PNP ang patuloy na suporta at kooperasyon ng lahat ng mga Nortehanon upang maging mapayapa at ligtas ang botohan sa darating na Mayo 9, 2022. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*



# Simultaneous Multi-Agency Send-off and Turnover Ceremony inilunsad sa Camp Crame



**Camp Crame, Quezon City – Inilunsad ang Simultaneous Multi-Agency Send-Off and Turnover Ceremony para sa 2022 National and Local Elections (NLE) kasama ang mga liderato at mga miyembro mula sa Department of Education (DepEd), Commission of Elections (COMELEC), Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine Coast Guard (PCG) at Philippine National Police (PNP) sa PNP Grandstand, Camp BGen Rafael T. Crame, Quezon City nitong Miyerkules, ika-4 ng Mayo 2022.**

Pinangunahan ng mga pinuno mula sa bawat ahensya ang nasabing Send-off and Turnover Ceremony na sina Atty. Saidamen Balt Pangarungan, Chairman ng COMELEC; General Andres C. Centino, Chief of Staff ng AFP; CG Admiral Artemio M. Abu, Commandant ng PCG; Undersecretary Revsee A. Escobedo, USec ng Field Operations ng DEPED; at Police General Dionardo B. Carlos, Chief PNP.

Kinilala naman ni Police Major General Valeriano T. De Leon, Director ng Directorate for Operation (DO) at kasalukuyang Deputy Commander ng PNP Security Task Force for 2022 NLE, sa kanyang talumpati ang 596 PNP contingents, 400 AFP contingents, 100 PCG contingents, 100 DEPED contingents na pisikal na naroroon at iba pang contingents mula naman sa 17 na rehiyon na may kabuuang 18,672.

Sa isinagawang turnover ceremony, 225,000 na mga pulis, 154,000 na kasundaluhan at 22,500 na coast guardians ang handang magsilbi sa ilalim ng COMELEC para sa ligtas, patas, tapat, maayos at mapayapang paglulunsad ng eleksyon.

Samantala, ang DepEd naman ay nagturnover sa kagawaran ng 29,217 na pampublikong paaralan para magsilbing Polling Centers; 106,439 na silid-aralan upang magsibing Cluster Precincts; at 647,000 mula sa kabuuang 756,083 na guro upang maging Poll Workers.

Sa talumpating ibinigay ni PGen Carlos, sinisiguro niyang ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas ay magiging tapat na gampanan ang kanilang mandato bago ang araw ng botohan, sa mismong araw at pagkatapos ng araw ng eleksyon; at ipinangako niya na mananatiling nakatutok sa gawaing kakaharapin kung kaya't ang PNP ay titindig at isasagawa ang sinumpaang tungkulin nang propesyonal upang makamit ang isang mapayapang 2022 National and Local Elections.

# Php3.2M halaga ng proyekto at benepisyo, naipamahagi sa Duterte Legacy Caravan ng Isabela PNP

**City of Ilagan, Isabela - Umabot sa Php3.2M halaga ng mga proyekto at benepisyo ang naipamahagi ng Isabela PNP sa ginanap na Duterte Legacy Caravan sa Community Center, Centro Poblacion, City of Ilagan, Isabela nito lamang Linggo, Mayo 1, 2022.**

Pinangunahan ang aktibidad ng Isabela Police Provincial Office sa ilalim ng liderato ni Police Colonel Julio Go at dinaluhan ng mga miyembro ng Philippine Army, Advocacy Support Groups at Force Multipliers, at iba't ibang ahensya ng pamahalaan.

Aktibong nakibahagi sa programa at nagbigay ng kanilang mga serbisyo ang Philippine Statistics Office, Provincial Training Center-Isabela, Provincial Social Welfare and Development Office, National Intelligence and Coordinating Agency, Department of Public Works and Highways, Isabela Provincial Health Office, Department of Trade and Industry, TESDA, Social Security System-Ilagan, Department of Agrarian Reform, Department of Agriculture, Department of Science and Technology, Department of Interior and Local Government, Bureau of Fisheries and Aquatic Resources at Department of Labor and Employment.

Namahagi naman ng grocery items at foods packs ang Isabela PNP para sa mga benepisyaryo ng nasabing aktibidad.

Maliban dito, nagbigay din ng testimonya ang isang dating kasapi ng teroristang grupo kung saan isiniwalat niya ang mga mapanlinlang na ideolohiyang ginagamit ng CTGs upang makahikayat ng mga sibilyan na sumama sa kanilang samahan.

Sa kabuuan, 742 indibidwal ang napasaya ng Duterte Legacy Caravan kabilang na ang mga miyembro ng Indigenous People, mga dating rebelde, at ilan pang sibilyan.

Sa kabila ng pandemyang kinakaharap ng ating bansa ay patuloy ang pagpupursige ng gobyerno upang makapagbigay ng tulong at makapaghahatid ng serbisyo para sa bawat Pilipino hanggang sa kasuluk-sulukang bahagi ng pamayanan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*



# Eid'l Fit'r Holiday, mapayapang ipinagdiwang ng libu-libong muslim sa Gitnang Mindanao



**Gitnang Mindanao - Mapayapang nailunsad ang Eid'l Fit'r Congregational Outdoor Prayer Rites sa maraming lugar sa Gitnang Mindanao na dinaluhan ng libu-libong Muslim noong Mayo 2, 2022.**

Ito ay mahigpit na binantayan ng puwersa ng PNP at AFP upang masiguro ang kaligtasan at maayos na pagdiriwang kung saan ginanap ang Eid open-field prayers.

Ayon kay Major Gen. Juvymax Uy, Commander, 6th Infantry Division, Philippine Army, nagkaroon ng magandang koordinasyon sa pagitan ng mga yunit at ng Police Regional Office sa Rehiyon ng Bangsamoro at sa Rehiyon 12 sa pagbibigay ng seguridad para sa mga sumasamba.

Ang tradisyonal na seremonya ay minarkahan ang pagtatapos ng buwanang Islamic Ramadan fasting season na nagsimula noong Abril 3.

Ang Ramadan ay isang banal na buwan sa kalendaryong Hijrah na nakabatay sa buwan kung saan ang mga Muslim na angkop sa kanilang katawan ay nag-aayuno mula madaling araw hanggang dapit-hapon para sa isang lunar cycle, o mula 28 hanggang 30 araw, kapwa bilang sakripisyo at obligasyon sa relihiyon.

Ayon kay PBGen Arthur Cabalona, Regional Director, Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region, na nagpapasalamat siya sa mga Local Government Units sa lahat ng limang probinsyang nasasakupan niya sa pagsuporta sa Ramadan at sa kanilang Eid security effort.

Nagpapasalamat din si PBGen Cabalona sa lahat ng Police Provincial Offices at Police Stations sa Rehiyon ng Bangsamoro sa maigting na pagbabantay at pagpapanatili ng kaayusan at seguridad sa naturang Eid holiday. *(Panulat ni Patrolman Mark Vincent Valencia)*

# Higit 10K katao nakiisa sa Duterte Legacy Caravan kasabay ng Labor Day










**EDSA — Higit 10,000 katao ang dumalo at naging benepisyaryo sa isinagawang Duterte Legacy Caravan sa People Power Monument, EDSA, Quezon City umaga nitong Linggo, May 1, 2022.**

Nagsama-sama sa paghahatid ng serbisyong publiko ang iba't ibang ahensya ng Gobyerno ngayong Labor Day tulad ng DND, DILG, NTF-ELCAC, PNP, TESDA, NICA, DSWD, PCSO, MMDA, PAG-IBIG, SSS, PCOO, DPWH, DENR, DND, DOH, at DFA upang ilapit sa mamamayan ang kanilang serbisyo.

Nagpaabot ang PNP ng free medical check-up at legal consultation sa naturang caravan at nakapag-bigay ng inspirasyon at impormasyon sa mga kabataang nais maging pulis.

Namigay din ng 2,000 relief packs, libreng pagkain at tubig sa mga dumalong kababayan natin na kinabibilangan ng mga miyembro at lider ng Advocacy Support Groups, Force Multipliers, NGOs KKDAT, Faith-Based Groups, Kaligkasan, FNKN o Foreign National Keepers Network, Global PCR, Hands Off our Children, mga dating Kadre, National Youth Commission at International Association of Youth and Students for Peace, mga motorista, manggagawa, at mga malapit sa lugar.

Nag-alok din ng iba't ibang livelihood trainings, seminar, at iba pang serbisyong publiko ang iba pang mga ahensya.

Kaugnay nito, tiniyak ni Chief PNP Police General Dionardo Carlos na sa pamamagitan ng ganitong programa, maihahatid sa mga kababayan natin ang kaukulang serbisyong galing sa gobyerno lalo ng mga nasa malalayong lugar.

Kanya ring binigyang-diin na ang PNP ay patuloy na magseserbisyo araw man o gabi para sa malinis na eleksyon sa darating na Mayo. "PNP that is professional, that will work for a peaceful election," patapos na mensahe ni General Carlos.

Samantala, ipinagmalaki naman ni National Defense Secretary Delfin Lorenza ang mga nagawa at natulungan ng gobyerno sa mga dating makakaliwang grupo na ngayo'y sumuko na at kaanib na ng pamahalaan.

"Tayo ay patuloy na maging mapapagmatyag, nawa'y ang ating nasimulan at maipapanalo ay ipagpatuloy ng susunod na administrasyon. Ilagay natin ang kapakanan ng taong bayan sa unahan ng ating prayoridad. Dito natin makikita ang totoong pamana ng pagbabago, tungo sa ganap na kapayapaan," ani pa ni Secretary Lorenzana. *(PCpl Jhoanna Marie Najera Delos Santos)*

# PARPS at POAS, inilunsad sa Kampo Crame

**Camp Crame, Quezon City – Opisyal na inilunsad ang dalawang makabagong sistema ng Philippine National Police (PNP) sa pangunguna ni Chief PNP, Police General Dionardo Carlos sa ginanap na Monday Flag Raising Ceremony, ika-2 ng Mayo 2022, sa National Headquarters, Camp Crame, Quezon City.**

Itinampok ni Police Brigadier General Niño David Rabaya, Direktor ng PNP Retirement and Benefits Administration Service (PRBS), ang PNP Automated Retirement Processing System (PARPS) na naglalayong mas mapabilis at gawing online ang pagproseso ng benepisyo ng mga magreretirong PNP personnel.

Binigyang-diin sa isang audio visual presentation na ipinakita ni PBGen Rabaya ang magiging proseso ng bagong sistema at mga nilalayon nitong mawala ang mga sumusunod na mga isyu – manu-mano at matrabahong pagproseso ng retirement claim; ilegal na transaksyon sa mga fixers at pagkakaroon ng red tape; pagpeke ng dokumento at iba pang posibleng panloloko sa mga dokumentong ipinasa para sa mga PNP Clearances; at iba pang paulit-ulit na isyu sa retirement application.

Nagsagawa rin ng on-the-spot live demonstration ng PARPS kung saan prinoseso ang retirement application hanggang pension fund requisition ni Police Lieutenant Ramil De Jesus na magreretiro sa Hulyo 19, 2022 na nasundan ang buong processing status ng kanyang retirement application sa text messages na kanyang natatanggap mula sa PARPS.


Tampok din ang paglulunsad ng PNP Online Awards System (POAS) na naglalayong mapabilis na pagbibigay ng parangal sa mga karapat-dapat na mga PNP personnel.


Binigyang-pagkilala naman ni PGen Carlos ang inisyatibo at pagsisikap ng kasalukuyang Director ng Directorate Personnel and Records Management (DPRM) na si Police Major General Herminio Tadeo Jr., at Deputy Director ng Directorate for Information and Communications Technology Management (DICTM) at Head ng Technical Work Group (TWG) sa pagresearch, pagdisenyo at pagsubok sa mga sistema ng mga naturang proyekto na si PBGen Victor Wanchakan, upang maisakatuparan ang mga nasabing online systems.


Dagdag pa ni CPNP, ang mga proyektong ginagawa ng liderato ng Pambansang Pulisya ay para sa ikabubuti ng morale at benepisyo ng mga miyembro ng organisayon na patuloy na nagsisikap upang gampanan ang kani-kanilang tungkulin.


"Ito ay para sa 225,000 strong men and women of Philippine National Police... Hindi lang po kami nandito upang mamuno, nandito po kami para alagaan ang bawat isa." tugon ni PGen Carlos B. Carlos.


Samantala, kinilala rin ni CPNP ang pangunguna at pagsisikap ni Police Lieutenant General Rhodel Sermonia, The Deputy Chief PNP for Administration (TDCA) sa matagumpay na paglulunsad ng Duterte Legacy Caravan nitong Linggo, ika-1 ng Mayo 2022, kasama sina Police Major General Walter Castillejos, Director ng Directorate for Police Community Relations (DPCR) at PBGen Eric Noble na Director ng Police Community Affairs and Development Group (PCADG) kung saan dinaluhan ng libu-libong katao mula sa iba't ibang Advocacy Support Groups and Force Multipliers, Non-Government Organizations, National Government Agencies at volunteers kasabay ng pagdiriwang ng Araw ng Manggagawa.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Patrolman Joel Gonzales Calookan Police Station

Pangunahing tungkulin ng isang pulis ang panatilihing ligtas ang mamamayan laban sa kriminalidad at mga masasamang elemento. Nakabatay ang ganitong oryentasyon sa doktrinang "To Serve and Protect" na isinasapuso ng bawat isang kasapi ng Philippine National Police. Sinusuhayan din ito ng tatlong pangunahing values na "Service, Honor at Justice" na isinasabuhay ng isang tunay na Alagad ng Batas. Walang pag-aalinlangan na ang isang magiting na pulis ay laging nakahandang itaya ang kanyang buhay upang matiyak na mananatiling mapayapa ang pamayanang kanyang kinabibilangan.

Ito ang dakilang adhikain na isinulong ni Pat Gonzales, batid niya ang kahalagahan ng kapayapaan upang yumabong ang kalakalan at negosyo na magbubunsod nang konkretong pag-unlad. Kaya hindi siya nagdalawang-isip na itaya ang kanyang buhay upang malansag ang isang kilabot na grupo ng mga kriminal.


Taong 2005, buwan ng Oktubre, nakaengkuwentro ni Gonzales ang dalawang kasapi ng kilabot na Kwatog Gang na naging salot na sa mga residente ng isang subdivision sa Lunsod ng Kalookan. Bagaman at nag-iisa, walang takot niyang hinarap ang dalawang suspek at nakipagbarilan sa mga ito. Napatay ng pulis ang isa sa mga kriminal. Gayunman, nagtamo ng anim na tama ng bala sa katawan si Pat Gonzales at tumagal pa ng apat na araw sa ospital bago binawian ng buhay. Ayon sa mga saksi, buong tapang na nakipagsabayan ng putok ang pulis sa mga kriminal at kahit malubhang nasugatan nagawa pa rin niyang mabaril ang suspek na si Conrado Marcelo, Jr.

Sa edad na 31, masasabing wala pa dapat sa oras ang pagkamatay ni Patrolman Gonzales subalit para sa mamamayang pinaglingkuran at pinagbuwisan ng buhay ng pulis, puspos nang kahalagahan ang kanyang naging buhay dito sa mundo. Ang buhay ng isang tao ay hindi nakikita sa edad bagkus ay sa esensya at papel na kanyang iniambag para sa kapakanan ng kanyang kapwa tao.

Bilang pagkilala sa kanyang katapangan, pinagkaloobean ni Caloocan City Mayor Enrico "Recom" Echiverri ng posthumous award si Patrolman Joel Gonzales at binigyan ng P25,000 pinansiyal na tulong ang kanyang naiwang pamilya.

Sinabi ni Mayor Echiverri na nararapat lamang na kilalanin ng mga taga-Kalookan ang ipinakitang kagitingan ni Gonzales sa harap ng kanyang mga kaaway at bigyang halaga ang kanyang kamatayan dahil iilang tao lamang ang may kakayahang gumawa ng katulad nang ipinamalas niyang kagitingan. Ayon pa sa alkalde ng mga panahong iyon, kinakatawan ni Gonzales ang buong Kaloocan City Police sa kanilang pagsisilbi sa mga mamamayan kahit ano pa ang mangyari sa kanila.

# Top 1 Most Wanted Person ng Las Piñas City timbog sa Cavite




**Cavite - Timbog sa Cavite ang Top 1 Most Wanted Person na may nakabinbin na kasong murder sa manhunt operation ng Las Piñas City PNP nito lamang Linggo ng hapon, Mayo 1, 2022.**

Kinilala ni Southern Police District Director, Police Brigadier General Jimili Macaraeg ang akusado na si Jayson Manlapat y Yacat alyas "Justine", 35, at nagtatrabaho bilang meat vendor.

Ayon kay PBGen Macaraeg, dakong alas- 5:00 ng hapon nahuli si Manlapat sa Green Gate Homes Phase 2, Malagasang 2-B, Imus Cavite ng mga operatiba ng Warrant at Subpoena Section at SIDMS ng Las Piñas CPS sa bisa ng Warrant of Arrest na walang inirekomendang piyansa.

"Gusto kong purihin ang ating mga operating unit para sa matagumpay na manhunt operation na nagresulta sa pagkahuli sa Las Piñas Top 1 Most Wanted, ito ay nagpapakita lamang na ginagawa ng ating mga tauhan ang kanilang trabaho sa paghuli ng mga indibidwal na kabilang sa listahan ng mga wanted," ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos)*

# Pinuno at miyembro ng "Tikano Group", arestado ng PNP at PA



**Maydolong, Eastern Samar – Arestado ang isang lider ng "Tikano Group" at miyembro nito sa entrapment operation ng PNP at Philippine Army sa kahabaan ng National Highway ng Barangay 4, Maydolong, Eastern Samar, nito lamang Martes, Mayo 3, 2022.**

Ayon sa ulat ng pulisya, nakilala ang mga suspek na sina Raymond Globio Elpedez, 36, na sinasabing pinuno ng "Tikano Group" at si Janley De Jesus Soriyao alyas "Tungka", 33, miyembro ng "Tikano Group".

Nakumpiska mula sa mga suspek ang isang chamber loaded caliber .45 pistol; isang magazine assembly para sa caliber .45 pistol; dalawang basyo ng bala para sa kalibre .45; isang piraso ng hand grenade; isang pulang cellular phone; marked money na kasama sa boodle money; isang black wallet na naglalaman ng sari-saring identification cards at resibo ng Palawan Pawnshop; isang green belt bag; dalawang helmet; at isang Honda XRM 125 na motorsiklo.

Ang mga naarestong suspek ay mahaharap sa kasong Robbery Extortion, paglabag sa RA 10591, RA 9516, at Omnibus Election Code o COMELEC Res No. 10728.

Patuloy na pinalalakas ng PNP ang pagsisikap laban sa kriminalidad kabilang ang mga krimeng nagdudulot ng pananakot, pagbabanta at pinsala sa mga biktima, komunidad, o maging sa bansa. *(Panulat ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Babae arestado sa kasong Child Abuse sa Davao City




**Davao City - Arestado ng puwersa ng PNP ang isang babae sa kasong child abuse sa Davao City, nito lamang Linggo, Mayo 1, 2022.**

Kinilala ni PMaj Rosario Aguilar, PS15 Station Commander ang suspek na si Cherelyn Gallardo, 34, residente ng Purok 4 Flores Compound Dumoy Toril, Davao City.

Ayon kay PMaj Aguilar, naaresto ang suspek sa Candelaria Street, Ecoland, Davao City ng pinagsanib puwersa ng Ecoland Police Station 15 at Regional Intelligence Unit (RIU) 11.

Ayon pa kay PMaj Aguilar, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong paglabag sa Republic Act 7610 o Child Abuse Law na may Php80,000 na inirekomendang piyansa.

Samantala, patuloy naman ang Police Regional Office 11 sa kanilang adhikain na hulihin ang mga wanted person sa Rehiyon Onse sa pangunguna ni PBGen Benjamin Silo Jr., Regional Director. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# Top 4 Most Wanted Person sa kasong Rape, arestado ng PRO 1

**Solsona, Ilocos Norte – Arestado ang Top 4 Most Wanted Person sa kasong Rape sa operasyon ng PRO 1 nitong ika-2 ng Mayo, taong kasalukuyan.**

Kinilala ni Police Colonel Julius Suriben, Provincial Director ng Ilocos Norte Police Provincial Office, ang suspek na si Allan Ramos y Molina, 35, tindero at residente ng Brgy. San Esteban, Dingras, Ilocos Norte.

Ayon kay Police Colonel Suriben, bandang 10:50 ng umaga naaresto ang suspek sa kanyang tahanan sa pinagsanib na puwersa ng Solsona Municipal Police Station, Regional Intelligence Unit 1, Provincial Intelligence Unit, Dingras Municipal Police Station, 1st and 2nd Provincial Mobile Force Company, Regional Mobile Force Battalion 1 at Provincial Intelligence Team Ilocos Norte.

Ayon pa kay Police Colonel Suriben, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape na walang rekomendadong piyansa.

Ang tagumpay ng PNP laban sa mga taong may pananagutan sa batas ay bunga ng pakikipagtulungan at pakikiisa ng mamamayan. *(Panulat ni Patrolman Viljon Comilang)*



# Mga armas, pampasabog at watawat ng CTG narekober sa San Mariano, Isabela



**San Mariano, Isabela – Narekober ang mga armas, pampasabog at watawat ng Communist Terrorist Group (CTG) sa isang operasyon ng mga otoridad sa Sitio Lucban, Barangay Dibuluan, San Mariano, Isabela noong Mayo 3, 2022.**

Ayon kay PCol Julio Go, Acting Provincial Director, Isabela Police Provincial Office, narekober ang mga kagamitan dahil sa impormasyon at tulong ni Ka Jepoy, isang dating miyembro ng Central Front Committee na sumuko sa 1st Isabela Provincial Mobile Force Company.

Ayon pa kay PCol Go, ang operasyon ay matagumpay dahil sa pakikipag-ugnayan at pagtutulungan ng mga tauhan ng 1st Isabela PMFC sa pangunguna ni PLtCol Jeffrey Raposas, Force Commander, Isabela Provincial Intelligence Unit, San Mariano Municipal Police Station, 201st Regional Mobile Force Battalion 2, Regional Intelligence Unit 2, CIDG Isabela Provincial Field Unit, 86th Infantry Battalion at 95IB 502nd BDE, PA.

Dagdag pa ni PCol Go, ang mga narekober ay dalawang Rifle Grenades, isang M1 Garand rifle na walang Butt Stock, isang Upper Receiver ng M16 A1 Rifle, isang Upper Receiver ng M2 Carbine, mga bahagi ng 12 Gauge Shotgun at isang watawat ng CTG.

Ang pagsuko ng dating rebelde ay patunay na nagpapakita ng epektibong pagsulong sa kampanya kontra terorismo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF- ELCAC.

Layunin nitong bigyan ng pagkakataon ang mga dating rebelde na magbagong buhay kapiling ang pamilya. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*

## Php900K halaga ng smuggled cigarettes nasabat ng Zamboanga PNP




**Vitali, Zamboanga City – Tinatayang nasa Php900,000 halaga ng smuggled cigarettes ang nasabat sa anti-smuggling operation ng Zamboanga PNP nitong Huwebes, Mayo 5, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Franco Simborio, Regional Director ng Police Regional Office 9, ang suspek na si Ajak Asalal Saliling.

Ayon kay PBGen Simborio, bandang 4:45 ng madaling araw nang maaresto ang suspek sa Brgy. Vitali, Zamboanga City ng mga operatiba ng Zamboanga City Police Station 1.

Ayon pa kay PBGen Simborio, nasabat sa suspek ang 30 boxes ng King Cigarettes na may tinatayang halaga na Php900,000 at isang white Isuzu Aluminum Van na may Engine No. 4GH1-762844 at Chassis No. NPR71L7424996 na rehistrado sa Automotive Center Corporation.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sec. 1401 (Unlawful Importation or Exportation) ng RA 10863 na kilala rin bilang Customs Modernization and Tariff Act (CMTA).

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy ang kampanya laban sa kriminalidad at patuloy ang pagtugis sa mga taong may atraso sa batas. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville Ortiz)*

# Mag-asawang NPA kusang sumuko sa mga kapulisan sa Bacolod City

**Bacolod City – Kusang sumuko sa mga tauhan ng Bacolod City Police Office ang mag-asawang NPA na nakabase sa Hinoba-an, Negros Occidental nito lamang araw ng Martes, Mayo 3, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Thomas Joseph Martir, City Director ng Bacolod City Police Office, ang mga sumukong former rebel na sina Adonis Ligid-Ligid, 26, Platoon Leader ng CPP-NPA at ang kaniyang asawa na si Danica Aro, 21, isang medic ng Sentro de Grabidad Southern Front ng NPA sa ilalim ng Armando Sumayang Command.

Ayon kay Police Colonel Martir, kinontak ng mag-asawa ang Anti-Crime Advocacy Group Task Force Kasanag, na siyang nag endorse sa kanila sa mga tauhan sa Bacolod City Police Station 7.

Si Ligid-Ligid ay nanggaling sa pamilya ng mga komunistang rebelde na matagal ng nakipaglaban sa gobyerno sa halos walong taon, at naging kasapi din siya nito sa edad na 18. Ang tatlo pa niyang kapatid ay namatay sa encounter sa pagitan ng gobyerno at ng kanilang samahan.

Samantala, si Aro naman ay narecruit ng grupo noong 2018 sa edad na 17. Ayon pa sa kanila, lubha silang nabulag sa propaganda ng CPP-NPA nang sila ay sumali sa kilusan mula ng sila ay mga teenagers pa lamang. Ngunit nagsawa na sila sa pakikipaglaban na parang walang katapusan at matagal ng ninanais ang tahimik na pamumuhay.

Noong 2020 pa nila pinlano ang pagsuko ngunit ito ay naantala dahil sa limitadong pagkilos dulot ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) quarantine restrictions. Nitong araw ay tuluyan na nilang tinalikuran ang teroristang grupo ng sila ay nanumpa at nagbigay ng pledge of allegiance sa ating pamahalaan sa ginanap na seremonya sa BCPO headquarters.

Agad namang itinurn-over ng kapulisan ang mag-asawa kay Hinobaan Mayor, Mr. Ernesto Estrao, na inalalayan ng kaniyang asawa na si Letecia Estrao, Barangay 1 Captain, para sa temporary custody ng mga ito.

Ang naturang pagsuko at nataon sa paglunsad ng Project TAPE (Table for Peace) ng BCPO, isang inisyatibo ng Task Force to End Local Communist Armed Conflict (TF-ELCAC) para isulong ang kapayapaan, progreso at pagkakasundo sa buong lungsod.

Pinuri naman ni Police Colonel Martir ang mag-asawa sa kanilang katapangan upang tumiwalag sa teroristang grupo at tuluyan ng magbalik loob sa pamahalaan, aniya, "With your surrender, we hope to encourage the others to do the same so they would also enjoy a good life with their family with the support of the government."



# Php3M halaga ng shabu nakumpiska ng Bacolod City PNP sa magkahiwalay na operasyon



**Bacolod City - Tinatayang nasa Php3 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska ng PNP sa magkakahiwalay na drug buy-bust sa Bacolod City nitong Abril 30 at Mayo 1, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Joseph Thomas Martir, City Director ng Bacolod City Police Office, nitong Linggo, Mayo 1, 2022 ay nahuli ang suspek na si Christian Oliveros alyas Nonoy sa operasyon ng City Drug Enforcement Unit sa Purok Lampirong, Barangay 2 ng nasabing lungsod.

Nakuha mula kay Oliveros ang nasa Php1,700,000 halaga ng shabu, Php1,000.00 marked money at cash na Php300.

Samantala, nakaraang Sabado, Abril 30, 2022 ay naunang nahuli ang tatlong tulak ng droga sa Purok Kahirup, Brgy. Singcang-Airport ng parehong lungsod at nakuha mula sa kanila ang 200 grams ng pinaghihinalaang shabu na may Standard Drug Price na Php1,360,000.

Kinilala naman ni PCol Martir ang mga suspek na sina Baby Girl Villarna, 33, residente ng Brgy. Banago, Bacolod City; Elmar Gallego, 33, at Edmar Infante, 26, parehong residente ng Silay City, Negros Occidental.

Nahulihan rin ng pulisya si Infante (isa sa tatlong mga suspek) ng isang 22 caliber revolver na may tatlong live ammunition.

Samantala, patuloy pa rin ang PNP sa pagpapatupad ng malawakang kampanya laban sa mga ipinagbabawal na droga maging sa pagsugpo ng kriminalidad sa bawat rehiyon sa bansa.

# Php731K halaga ng marijuana nakumpiska; 2 arestado

**Bontoc, Mountain Province - Tinatayang Php731,400 halaga ng marijuana ang nakumpiska sa dalawang suspek sa isinagawang interdiction operation ng mga otoridad nito lamang Lunes, May 2, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ruben Andiso, Provincial Director ng Mountain Province Police Provincial Office ang mga naarestong suspek na sina Ramon Matthew Mangalile, 21 at Cherwen Tangaro, 26, na kapwa mga turista at residente ng Poblacion, Baliwag, Bulacan.

Ayon kay PCol Andiso, nahuli ang mga suspek sa Sadanga-Bontoc terminal sa Poblacion, Bontoc, Mountain Province sa pinagsanib na puwersa ng operatiba ng Mountain Province PPO at Philippine Drug Enforcement Agency-Mountain Province.

Nakumpiska mula sa mga suspek ang pitong piraso ng tubular form na nakabalot sa cling-wrap at masking tape na pinaghihinalaang naglalaman ng dried marijuana leaves, pitong piraso ng ziplock na pinaghihinalaang naglalaman ng dried marijuana leaves, isang blue gray na back pack, isang blue back pack at isang unit ng Vivo android phone.

Ang mga nasabat na hinihinalang marijuana ay may bigat na humigit-kumulang 6 kilo na nagkakahalaga ng Php731,400.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Sec 5 at 11 ng R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon na ito ay bunga ng pagpupursigi ng PNP at PDEA na pigilan ang paglabas pasok ng ilegal na droga sa rehiyong Cordillera at mapanagot ang mga taong sangkot dito nang sa ganun ay mailayo ang komunidad lalo na ang mga kabataan sa perwisyong dulot nito.

# Php1M halaga ng shabu at granada nakumpiska ng Navotas City PNP; 2 arestado



**Navotas City - Tinatayang higit isang milyong halaga ng shabu at granada ang nakumpiska sa dalawang suspek sa buy-bust operation ng Navotas City Police Station nitong Martes, Mayo 3, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Ulysses Cruz, District Director ng Northern Police District ang mga suspek na sina Mark Joseph Nicandro y Manuel alyas "Mak-mak", 34, at Jomar Jayona y Malaputi alyas "Jomar", 24, pawang mga residente ng Lungsod ng Navotas.

Ayon kay PBGen Cruz, bandang 1:25 ng madaling araw naaresto ang mga suspek sa kahabaan ng Ignacio St., Barangay Daanghari, Navotas City ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit ng Navotas CPS.

Ayon pa kay PBGen Cruz, narekober sa mga suspek ang limang maliit na heat-sealed transparent plastic sachet at tatlong re-sealable plastic bag na parehong naglalaman ng hinihinalang shabu na may kabuuang bigat na 160 gramo at nagkakahalaga ng Php1,088,000, isang black sling bag, isang maliit na berdeng notebook, isang ZH& K Cellphone color black, isang maliit na weighing scale, isang gunting, isang MK2 HE Grenade, isang genuine na Php1,000, pitong Php1,000 boodle money na ginamit bilang buy-bust money, at isang libong piso sa iba't ibang denominasyon.

Ang mga suspek ay mahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at RA 9516 o Illegal/ Unlawful Possession of Explosive kaugnay ng Omnibus Election Code.

Tiniyak ni PBGen Cruz na hindi titigil ang NPD sa pagsugpo sa ilegal na droga upang makamtan ang matiwasay at ligtas na pamayanan. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Php350K halaga ng shabu kumpiskado sa anti-illegal drugs operation ng Iloilo City PNP

**Iloilo City - Tinatayang nasa Php353,600 na halaga ng shabu ang nakumpiska sa suspek na nahuli sa isinagawang anti-illegal drugs operation ng pulisya sa Iloilo City nito lamang Lunes, Mayo 2, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Flynn Dongbo, Regional Director ng Police Regional Office 6 ang nahuling suspek na si July Roga y Galapin, 31, walang trabaho, residente ng Zone 3 Bo. Obrero Lapuz, Iloilo City at itinuturing na isang High Value Individual.

Ayon kay PBGen Dongbo, naaresto si Roga bandang 9:00 ng gabi sa kanyang lugar na tinitirhan sa buy-bust operation na isinagawa ng mga operatiba ng Regional Drug Enforcement Unit 6 at Iloilo City Police Station 2 Drug Enforcement Team.

Narekober sa suspek ang 11 plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na humigit-kumulang 52 grams na may tinatayang Standard Drug Price na Php353,600.

Ang suspek ay isinailalim sa surveillance ng pulisya sa loob ng halos dalawang buwan.

Dati siyang inaresto dahil sa kasong may kinalaman sa droga noong 2019 at nakapag-avail ng plea bargaining.

Pinuri naman ni Police Brigadier General Flynn Dongbo, Western Visayas top cop ang kamakailang nagawa ng joint police operatives.

"Itong kamakailang pag-aresto ay nagsisilbing babala sa mga bumabalik at nakikisali pa rin sa ilegal na droga na huminto sa inyong mga ilegal na gawain. Kung magpapatuloy ka, mas maagang aabutan ka ng mahabang braso ng batas at sasagutin ka sa pagkakasala na ginawa mo." Dagdag pa ni PBGen Dongbo.

Sa ngayon, nasa kustodiya ng Iloilo City Police Station 2 ang suspek para sa pagsasampa ng kasong paglabag sa Republic Act 9165 o kilala bilang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. *(Panulat ni PMSg Leah Lyn Q Valero)*

# Php27M halaga ng shabu nakumpiska; 3 arestado sa buy-bust ng Rizal PNP



**Angono, Rizal - Tinatayang Php27,234,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa tatlong suspek sa buy-bust operation ng Rizal PNP nito lamang Huwebes, Mayo 5, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Dominic L Baccay, Provincial Director ng Rizal Police Provincial Office, ang tatlong suspek na sina Aries Eburlas Apeleña, alyas "Axel", Dennis Morallos Delo Santos alyas "Dennis", pawang mga residente ng Malabon City at Mariz Dela Cruz Sedaga, tubong Binangonan Rizal.

Ayon kay PCol Baccay, bandang 3:20 ng madaling araw naaresto ang tatlong suspek sa Blk 6, Lot 9, Grand Valley Ph2, Brgy. Mahabang Parang, Angono, Rizal sa buy-bust operation ng Rizal Provincial Intelligence Unit at Philippine Drug Enforcement Agency-4A.

Dagdag pa ni PCol Baccay, nakuha sa tatlong suspek ang labindalawang piraso ng heat-sealed plastic sachets na naglalaman ng hinihinalang shabu na may timbang na apat na kilo at limang gramo na nagkakahalaga ng Php27,234,000 at ang perang ginamit na boodle money.

Ang tatlong suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang Rizal PNP sa pamumuno ni PBGen Baccay ay patuloy sa kampanya laban sa ilegal na droga upang mapanatili ang maayos at ligtas na komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Elvis C Arellano)*

# Php2M halaga ng shabu nasabat; Top 4 Drug Personality arestado sa buy-bust sa Davao City



**Davao City - Tinatayang Php2,160,000 halaga ng hinihinalang shabu ang nasabat sa isang lalaki sa isinagawang buy-bust operation ng mga tauhan ng PNP sa Bangkal, Brgy. Talomo, Davao City, nito lamang Miyerkules, Mayo 4, 2022.**

Kinilala ni PMaj Rosario Aguilar, Acting Station Commander ng Ecoland Police Station 15 ang suspek na si Juner De Asis Biajedor alyas "Jack", 31, residente ng Purok 4, Pag-asa, Bangkerohan, Brgy. 5-A, Davao City.

Ayon kay PMaj Aguilar si alyas "Jack" ay tinaguriang Top 4 drug personality ng regional level.

Ayon pa kay PMaj Aguilar, naaresto ang suspek ng pinagsamang tauhan ng Ecoland PS15 at Regional Special Operation Group-Regional Provincial Drug Enforcement Unit 11 (RSOG-RPDEU) matapos mahuli sa akto ng pagbebenta ng ilegal na droga sa nagpanggap na poseur-buyer.

Dagdag pa ni PMaj Aguilar, nakuha mula sa suspek ang dalawang malalaking pakete ng hinihinalang shabu na may bigat na humigit kumulang 135 gramo at tinatayang may street market value na Php2,160,000 at marked money na ginamit sa operasyon.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng nasabing istasyon upang sampahan ng kasong paglabag sa Section 5 at Section 11 ng Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang pagkakadakip sa suspek ay resulta ng patuloy na kampanya ng PNP laban sa ilegal na droga at dahil na rin sa tulong ng mga mamamayan upang makamit ang adhikain na gawing drug free ang Rehiyon Onse sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr., Regional Director ng Police Regional Office 11. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# Php1.3M halaga ng shabu nakumpiska; HVI tiklo ng Taguig PNP

**Taguig City - Tinatayang Php1,360,000 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa isang High Value Individual (HVI) sa isinagawang buy-bust ng Taguig City PNP nitong Huwebes ng gabi, Mayo 5, 2022.**

Kinilala ni District Director Police Brigadier General Jimili Macaraeg ng Southern Police District ang naarestong suspek na si Akmad Sumlay y Sakilan alyas "Tukoy" (HVI), 30, driver.

Ayon kay PBGen Macaraeg, dakong 7:00 ng gabi ay nahuli si Sumlay sa kahabaan ng Roldan Street, Purok 2 Brgy. New Lower, Taguig City ng Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Taguig City Police Station.

Nakumpiska kay Sumlay ang limang heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na humigit-kumulang 200 gramo at may Standard Drug Price (SDP) na Php1,360,000, isang tunay na Php1000, 39 pirasong Php1000 na ginamit bilang buy-bust money, maroon belt bag, at digital weighing scale.

Mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Lubos kong ikinatutuwa ang kasipagang ipinapakita ng ating mga pulis sapagkat sa kabila ng aming mahigpit na pagbabantay sa nalalapit na eleksyon, hindi pa rin nila kinakalimutan ang mahigpit na kampanya sa ilegal na droga na nagresulta sa pagkakadakip ng isang HVI at pagkakumpiska ng milyong halaga ng ilegal na droga. Amin pong sinisiguro na hindi kami mapapagod sa aming sinumpaang tungkulin upang labanan ang ilegal na droga, kriminalidad at terorismo" ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Php365K na halaga ng droga nasabat sa PNP-PDEA joint buy-bust operation sa Palawan

**Bataraza, Palawan - Tinatayang Php365,000 na halaga ng shabu ang nasabat sa isang lalaki sa PNP-PDEA joint buy-bust operation sa Barangay Rio Tuba, Bataraza, Palawan nito lamang Mayo 2, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Adonis Guzman, Palawan Police Provincial Office Director ang suspek na si Susano Berano Bolus, 27, tubong Barangay San Jose, Puerto Princesa City.

Ang suspek ay naaresto ng pinagsanib na puwersa ng PDEA Palawan, Bataraza Municipal Police Station, at Provincial Intelligence Unit ng Palawan PPO.

Ayon kay PCol Guzman, si Bolus ay naaresto matapos umanong magbenta ng isang maliit na heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu sa isang PDEA agent na poseur-buyer na nagkakahalaga ng Php2,000.

Ayon pa kay PCol Guzman, nakuha rin sa posesyon ng suspek ang isang pirasong knot-tied transparent plastic bag na naglalaman ng hinihinalang shabu at iba pang paraphernalia.

Dagdag pa ni PCol Guzman, ang tinatayang dami ng nasabat na shabu ay 53.78 gramo na nagkakahalaga ng Php365,729.16.

Ang Pambansang Pulisya ay hindi titigil sa kampanya laban sa pagsugpo sa kriminalidad, droga at terorismo para sa kaligtasan at kapayapaan ng mamamayan at ng bansa. *(Panulat ni Patrolman Joebet Balana)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No.18 * Abril 30 - Mayo 6, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Bike to vote SAFE and for the environment ng South Cotabato PNP, matagumpay na isinagawa





**South Cotabato - Matagumpay na isinagawa ang Bike to vote Safe and for the environment ng South Cotabato Police Provincial Office sa South Cotabato, nito lamang Sabado, Abril 30, 2022.**

Ito ay sinimulan mula South Cotabato PPO patungong lungsod ng Koronadal at kahabaan ng diversion road at nagtapos sa Munisipyo ng Tantangan, South Cotabato.

Ayon kay PCol Nathaniel Villegas, Provincial Director ng nasabing istasyon, ang adbokasiya ay masayang nilahukan ng mga tauhan ng South Cotabato Police Provincial Office.

Sa aktibidad ay malugod na tinanggap ni PCol Villegas at South Cotabato PNP ang lahat ng bikers na nakiisa mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno, pribadong sektor at indibidwal, cyclists mula sa iba't ibang bahagi ng Region 12, pulis at grupo ng iba't ibang siklista sa kalapit na Lungsod at Munisipyo.

Ang aktibidad na ito ay inorganisa sa pagsisikap ng SCPPO katuwang ang organisasyon at ahensya ng South Cotabato Police Provincial Office Provincial Advisory Group (SCPPOPAG), Koronadal Masonic Lodge No. 209 Free and Accepted Masons, Koronadal Chapter No. 91, at Order of DeMolay and Coalition of Social Development Organization South Cotabato.

Ito ay isang adbokasiya ng pagpapataas ng higit na kamalayan sa tamang pagboto para sa nalalapit na 2022 National and Local Elections sa darating na Mayo 9, gayundin upang magkaroon ng mas marami pang tagapangalaga sa kapaligiran. *(Panulat ni Patrolwoman Sherie-ann Masi)*

# Relief Goods, ipinamahagi ng RMFB3





**City of San Fernando, Pampanga – Namahagi ng relief goods ang mga tauhan ng Regional Mobile Force Battalion 3 sa Barangay. San Nicolas, City of San Fernando, Pampanga nito lamang Miyerkules, May 4, 2022.**

Ang aktibidad ay pinamunuan ni Police Colonel Wilson Delos Santos, Force Commander ng RMFB 3 kasama ang kanyang mga tauhan na pinangunahan ni Police Staff Sergeant Charilyn Jumlail, Salaam PNCO.

Ayon kay PCol Delos Santos, labing limang relief goods na naglalaman ng bigas at canned goods ang naipamahagi sa kapatid na Muslim sa nasabing lugar.

Dagdag pa ni PCol Delos Santos, labis ang pasasalamat ng mga kapatid na Muslim sa patuloy na pagpapaabot ng tulong ng PNP lalo na ngayong panahon ng pandemya.

Ang PNP ay patuloy sa pagbibigay ng magandang serbisyo at mapagtibay ang ugnayan sa mga mamamayang Pilipino. *(Panulat ni PCpl Jeselle V Rivera)*

# PNP Outreach Program isinagawa ng 801st Maneuver Company sa Eastern Samar



**Eastern Samar – Nagsagawa ng Outreach Program ang PNP 801st Maneuver Company para sa mga residente ng Barangay Alugan, San Policarpo, Eastern Samar, nito lamang Sabado, Abril 30, 2022.**

Ayon kay Police Lieutenant Prudante Agatan, Officer-in-Charge ng 801st Maneuver Company, namahagi ng food packs ang mga operating troops matapos ang kanilang combat operation sa Brgy. Alugan bandang 4:00 ng hapon.

Ayon pa kay PLt Agatan, may kabuuang 50 food packs ang naipamahagi sa mga residente at habang ang kapulisan ay nasa nasabing barangay, nagsagawa rin sila ng house to house visitation at namahagi ng babasahin upang madagdagan ang kaalaman ng ilang residente tungkol sa mga kontra kriminalidad, ilegal na droga, kamalayan sa anti- terrorism at Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

Ang Eastern Samar PNP ay isang patunay na hindi napapagod ang ating mga kapulisan na maghatid serbisyo at magbigay kaalaman sa ating mamamayan. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

